# Pangkalahatang Buod

MGA SEKSYON


**Isang Matatag at Fossil-Free na Hinaharap**

**Paano Namin Binuo ang Plano**

**Ang Layuning Gusto Naming Makamit**

**Paano Namin Isinaayos ang Plano**

**Paano Namin Ipapatupad at Susuriin ang Plano**

**Pagwawakas**


Alameda County SUSTAINABILITY
*Local Action, Global Impact.*



Kapag pinagsama-sama ang planong ito at ang iba pang plano sa rehiyon, mapapanatiling ligtas ang ating komunidad at makakaambag tayo sa mga pambansa at pandaigdigang layunin sa pagbabawas ng carbon.

Gumuhit: Hilda C. Robinson. Pamagat: Sa Kapitbahayan (In the Neighborhood). Mula sa Koleksyon ng Sining ng Alameda County. I-copyright ang gumuhit.

# Isang Matatag at Fossil-Free na Hinaharap

Matagal nang nagbababala ang mga siyentipiko tungkol sa mga panganib na dala ng pagbabago ng klima. Sa mga nagdaang taon, naging imposible na para sa aming komunidad at rehiyon na balewalain ang mga ito kakaibang kahel na kulay ng kalangitan at mapanganib na kalidad ng hangin na dulot ng usok mula sa mga hindi matupok na wildfire, at labis na init na nagpapalubha sa mga umiiralnang kondisyon ng kalusugan, lalo na para sa matatanda at maliliit na bata. Naging pruweba ng matitinding epekto ng pagbabago ng klima ang tagtuyot na nagtagal nang ilang taon, kasabay ng pagbaha mula sa sunod-sunod na atmospheric river (mahahabang kalipunan ng tubig sa kalangitan). Inaasahang magiging pang-karaniwan pa ang mapapanganib na pangyayaring ito.

Ginagamit ng plano ng aksyon sa klima na ito ang dati na naming nagawa. Kinilala ng Alameda County ang panganib na dulot ng pagbabago ng klima sa una naming pormal na pangakong umaksyon noong 2006. Nauna nang magpatupad ang County ng dalawang plano ng aksyon sa klima: isang nakatuon sa ating mga pagpapatakbo at serbisyo noong 2010, at isang nakatuon sa aming hindi nakasanib na komunidad noong 2014. (Tingnan ang mga planong iyon dito.) Ang aming mga plano ay mga instrumento ng patakaran na nagtatatag kung paano namin planong bawasan ang aming mga emisyong greenhouse gas at tugunan ang mga nauugnay na epekto ng klima.

> Sa patnubay ng planong ito, mamumuhunan kami sa matatag na paghahatid ng serbisyo at buong puwersa naming aaksyunan ang pagbabawas ng mga emisyon sa mga pagpapatakbo ng County. Nasasabik kaming sumuporta at makipagtulungan sa mga komunidad at grupo na naaapektuhan na ng pagbabago ng klima. Libo-libong komunidad sa iba't ibang bahagi ng bansa ang umaaksyon na, at ipinagmamalaki naming maging isa sa kanila.

Ang aming Plano ng Aksyon sa Klima para sa mga Pagpapatakbo at Serbisyo ng Pamahalaan Hanggang 2020, na sinimulang ipatupad noong 2010, ay nagbigay-daan para makamit ang minimum na 15 porsyentong bawas sa emisyong greenhouse gas sa mga pagpapatakbo ng County, at pinalawig na target na 30 porsyento pagsapit ng 2020 gamit ang datos mula 2003 bilang batayan. Nagtakda rin ang plano ng pangmatagalang target na 80 porsyentong bawas sa mga emisyon pagsapit ng 2050. Nalampasan pa ang pinalawig na target para sa 2020 dahil sa mga pagsisikap namin: nakamit namin ang 31 porsyentong bawas sa mga emisyon mula sa mga pagpapatakbo.

Nagtatakda ang bagong plano ng aksyon sa klima na ito ng target para sa mga serbisyo at pagpapatakbo ng County na lampas pa sa nauna naming target para sa 2050, at alinsunod ito sa target ng California na maging carbon neutral pagsapit ng 2045. Nagtatatag ito ng magkakasunod na hakbang na kailangang gawin ng County mula 2023 hanggang 2026 para makamit namin ang layuning iyon. At nagtatatag ito ng isang hanay ng mga aktibidad para maprotektahan ang aming komunidad laban sa mga epekto ng klima at maprotektahan ang mga ari-arian at serbisyo ng Country na mahalaga para mapagsilbihan ang publiko.

Umaayon ang aksyon sa klima sa istratehikong pagpaplano ng County. Ang Vision 2026, ang mithiin ng County kaugnay ng paghahanda para sa mga hamon sa komunidad at pagtugon sa mga pangangailangan ng mga residente, ay sinimulang ipinatupad noong 2018 at naglalatag ng mga layunin at panggabay na prinsipyo para sa mga pagsisikap ng County hanggang 2026. May apat na aspeto ang mithiing ito—Mabuting Kapaligiran, Mga Ligtas at Mainam na Tirhang Komunidad, Masagana at Matatag na Populasyon, at Maunlad at Buhay na Masiglang Ekonomiya—na sinusuportahang lahat ng aksyon sa klima.

## Paano Namin Binuo ang Plano

Sinimulan namin ang pagpaplano sa mga pagsusuri sa mga batayang datos ng aming mga emisyon mula sa pagpapatakbo at supply chain. Mas nagtuon ang nakaraang plano sa pagbabawas ng mga emisyon at 10 taong plano iyon. Napagatanto namin agad na kailangan namin ng ibang diskarte para sa planong ito. Nagpasya kaming gumamit ng apat na taong yugto, na umaayon sa update sa Vision 2026 sa taong 2026. Matapos hagupitin ng mga epekto ng pagbabago ng klima ang Bay Area, kabilang ang matitinding bagyo at heat wave, naging mas malinaw na kailangan naming pag-isipan hindi lang ang pagbabawas ng emisyon sa hinaharap kundi ang pagpapaliit din ng mga epektong nararanasan na ngayon. Napaangat ng pandemyang dulot ng COVID-19 ang mga kasalukuyang hindi pagkakapantay-pantay sa loob ng County, at ang pangangailangang isapriyoridad ang pagkakapantay-pantay sa aming proseso ng pagpaplano.




### Pagkakapantay-pantay

Nakatuon ang County sa pagtugon sa diskriminasyon ayon sa lahi at iba pang hindi pagkakapantay-pantay sa lipunan at kalusugan. Para makatulong sa paggawa ng mga hakbang at priyoridad, nakipagtulungan kami sa dalubhasang kompanya ng pagkonsulta para sa planong pangklima, lokal na consultant sa pagkakapantay-pantay, at mga organisasyon sa komunidad para magsagawa ng mga focus group, sesyon ng pakikinig, at door-to-door na survey sa mga miyembro ng mga frontline na komunidad—mga grupong mas

naaapektuhan ng pagbabago ng klima—para maunawaan at maisaalang-alang ang mga pangangailangan, priyoridad, at alalahanin nila. Sinuri rin ng mga team ng proyekto na binubuo ng mga empleyado ng County ang mga hakbang gamit ang pilot na Equity Amplification Tool, isang worksheet na may mga tanong tungkol sa pagsasaalang-alang ng pagkakapantay-pantay sa mga draft na hakbang para sa klima.

### Pagpaparating ng Suporta sa Publiko at Pakikilahok ng Tauhan

Bukod pa sa aming pagpaparating ng suporta sa mga frontline na komunidad, nagsasagawa kami ng online na survey sa publiko, nagdaos ng mga workshop, at gumawa ng dalawang online forum para sa feedback para maibahagi ng aming mga residente ang mga priyoridad at alalahanin nila. Ibinigay sa wikang English, Traditional Chinese, at Spanish ang mga nakasulat na dokumento, at nag-alok ng pagsasalin para sa mga workshop.

Ginabayan ng Grupo sa Pagbuo ng Aksyon sa Klima na binubuo ng mahigit 30 tauhan mula sa 10 ahensya ang internal na pagpaplano. Nagtakda ang grupo ng istratehikong direksyon at tumulong sila sa pagbuo ng plano bilang mga tagapangasiwa at tagapagpatupad ng aksyon sa klima sa mga kaukulang tungkulin nila. Regular na kumonsulta ang mga lider para sa mga salik ng aksyon sa klima sa County, gaya ng binuong kapaligiran o transportasyon, sa mga tauhang magpapatupad ng mga hakbang o may nauugnay na kadalubhasaan sa mga larangang iyon. Nag-imbita rin kami ng mga empleyado ng County para magbigay ng opinyon tungkol sa plano sa pamamagitan ng survey sa klima para sa empleyado.

Inihahanda ng plano ang County para sa layuning carbon neutrality para sa mga serbisyo at pagpapatakbo ng pamahalaan pagsapit ng 2045.

## Ang Layuning Gusto Naming Makamit

Inihahanda ng plano ang County para sa layuning carbon neutrality para sa mga serbisyo at pagpapatakbo ng pamahalaan pagsapit ng 2045. Tumutukoy ang neutrality kaugnay ng klima sa pag-aalis ng dami ng emisyong greenhouse gas na ginagawa natin na humihigit sa natural na natatanggal ng planeta; kailangang bawasan nang lubos ang mga emisyong greenhouse gas para rito. Para makamit ang layuning ito, dapat gawin ng County ang sumusunod:

- Palawigin ang mobile na pagtatrabaho at pangunahing virtual na paghahatid ng serbisyo, na nakakabawas sa pangangailangang mag-commute papunta sa trabaho o bumiyahe ang mga empleyado at kliyente ng County para makatanggap ng mga serbisyo.
- Pagsama-samahin ang mga kailangang espasyo at gamitin nang mahusay ang mga lugar na pag-aari at inuupahan ng County para iwasang masayang ang mga mapagkukunan, kabilang ang kuryente, gas, at tubig, sa lugar na hindi naman nagagamit nang lubos.

- Gawing elektrik ang mga kagamitan sa pagpapatayo na ginagamit ng County.
- Magpatuloy sa pagbili ng carbon-free na renewable na kuryente sa mga lokal na provider ng kuryente.
- Gawing electric ang mga ginagamit na sasakyan ng County at dagdagan ang imprastruktura sa pag-charge ng electric na sasakyan (electric vehicle o EV).
- Patuloy na gumamit ng mga renewable na pinagkukunan ng fuel, gaya ng renewable na diesel, para sa mga sasakyang ginagamit namin na wala pang electric na alternatibo.
- Suportahan ang pagbuo ng circular na ekonomiya sa rehiyon para sa mga produkto at pagkain sa pamamagitan ng mga aktibidad sa muling paggamit, pagkukumpuni, muling pagpapamahagi, at pagbili.




*Credit: Sibila Savage*

Bukod pa rito, layunin naming bumuo ng mga matatag na serbisyo at sumuporta sa matatatag na kapitbahayan. Hindi gaanong magkakapareho ang mga pamantayan ng sukatan sa katatagan kumpara sa mga sukatan sa pagbawas ng greenhouse gas, kaya kakailanganin naming bumuo ng diskarte sa pagsukat ng mga epektong nauugnay sa katatagan na ginagawan ng aksyon ng pamahalaan ng County. Alam naming para matulungan ang aming mga serbisyo at rehiyon na maging mas matatag, dapat gawin ng County ang sumusunod:

- Mamuhunan sa pagiging handa para sa mga partikular na sitwasyon, gaya ng mga wildfire, bagyo, at pagbaha.
- Magbigay ng mga pagsasanay sa pamprotektang aksyon sa publiko, mga empleyado ng County, at mga partner na nasa komunidad, halimbawa, kung paano maghanda para sa mga heat wave.
- Gawing mas madaling ma-access ang mga mapagkukunan para sa pagiging handa at impormasyon tuwing may emergency sa pamamagitan ng pagpapalawig sa mga wika at paraan ng pakikipag-ugnayan.
- Palawigin ang suporta para sa mga populasyong pinakaapektado ng mga sitwasyong nauugnay sa klima, kabilang ang mga komunidad na may mababang kita, mga community of color, mga taong nakakaranas ng kawalan ng tirahan, mga nakakatanda, at mga taong may kapansanan.
- Bumuo ng mga sistema para makapagtulungan ang mga ahensya ng County at mga partner sa komunidad at rehiyon para makamit ang magkakatulad na layunin.

# Paano Namin Isinaayos ang Plano

Nahahati sa anim na salik ng aksyon ang plano, at may mahalagang gampanin ang bawat isa sa pagkamit ng aming mga layunin: Binuong Kapaligiran (Built Environment), Katatagan ng Komunidad (Community Resilience), Makakalikasang Ekonomiya at Pag-unlad (Green Economy and Prosperity), Napapanatiling Pamamahala ng Materyales (Sustainable Materials Management), Transportasyon, at Pamumuno at Pamamahala sa Klima (Climate Leadership and Governance). Ang bawat salik ng aksyon ay may:

- Panimulang salaysay para bigyan ng introduksyon ang mga mambabasa.
- Dalawa hanggang apat na subsection na naglalaman ng mga pangkat ng mga nakaayong hakbang.
- Pito hanggang 12 hakbang sa kabuuan, at may talahanayang nagpapakita ng mga aksyon o “napapailalim na hakbang” para makamit ang mga layunin ng hakbang para sa bawat isa.

Para sa bawat hakbang, may talahanayang naglilista ng lahat ng napapailalim na hakbang, pangunahing departamentong magsasagawa ng mga ito, priyoridad na ambag ng mga ito sa aksyon sa klima at anumang kaugnay na bentahe, at halaga ng puhunang kailangan. Inilalarawan sa buod ng plano ang mga icon na ginagamit sa mga talahanayang ito.

## Mga Salik ng Aksyon

### Binuong Kapaligiran (Built Environment o BE)

Pamahalaan ang mga gusali, imprastruktura, at kalupaan ng County para mabawasan ang mga emisyong greenhouse gas at mapaigting ang katatagan laban sa klima ng County.

### Katatagan ng Komunidad (Community Resilience o CR)

Paigtingin ang katatagan at kahandaan ng mga komunidad na pinaglilingkuran namin para protektahan sila laban sa mga biglaang pangyayaring dulot ng klima gaya ng mga heat wave, wildfire, o pagbaha.

### Makakalikasang Ekonomiya at Pag-unlad (Green Economy and Prosperity o GEP)

Mamuhunan sa mga istratehiya kung saan makikinabang ang lahat na nagbabawas sa environmental footprint ng County habang pinapalago ang lokal na ekonomiya at gumagawa ng mga trabaho at ekonomikong oportunidad para sa mga residente.

### Napapanatiling Pamamahala ng Materyales (Sustainable Materials Management o SMM)

Magpatupad ng mga upstream na solusyon at prinsipyo ng circular na ekonomiya para mabawasan ang dami ng basurang nagagawa sa mga pagpapatakbo ng County.

### Transportasyon (T)

Bawasan ang mga emisyong greenhouse gas sa pagpapatakbo ng mga sasakyan ng County at pag-commute ng mga empleyado.

### Pamumuno at Pamamahala sa Klima (Climate Leadership and Governance o CLG)

Paigtingin ang mga aksyon sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa labas ng County; bawasan ang panganib na dulot ng klima sa mga pamumuhunan; at magbigay ng pundasyon para sa iba pang aksyon sa plano sa pamamagitan ng paggawa ng mga istruktura ng pagpapatupad, pagtugon sa mga diskarteng nauugnay sa maraming salik gaya ng telework, at pagsuporta sa mga empleyado para mapaghandaan nila ang mga epekto ng klima.

## Binuong Kapaligiran (BE)



*Credit: David Wakely. Gawang Sining sa Aklatan ng Castro Valley ng County, ni Jos Sances, bahagi ng Koleksyon ng Sining ng Alameda County.*

Nagmamay-ari o umuupa ang Alameda County ng humigit-kumulang 8.7 na milyong kuwadradong talampakan ng mga pasilidad at nagpapanatili ito ng pampublikong imprastruktura sa mga hindi nakasanib na lugar. Para makamit ang aming target sa klima, kakailanganing i-decarbonize namin ang paggamit ng enerhiya sa pamamagitan ng unti-unting paghinto sa paggamit ng natural gas at pagsisimulang gumamit ng mga electric na kagamitan sa aming mga gusali. Mahihinto nito ang pagsusunog ng mga fossil fuel sa mismong gusali at mapapagana ang mga kagamitan gamit ang renewable na enerhiya. Plano naming magdisenyo at magpatayo ng mga bagong gusali at magsagawa ng malalaking pagkukumpuni wa paraang walang nailalabas na emisyong carbon, nakakatipid sa paggamit ng enerhiya, at gumagamit ng mga pinapamahaging mapagkukunan ng enerhiya. Babawasan din namin ang mga pinagmumulan ng emisyong greenhouse gas sa pamamagitan ng pagpapatayo ng mga bagong gusali malapit sa pampublikong transportasyon, mahusay na paggamit ng espasyo, pagpili ng mga kagamitang naglalabas ng mas kaunting refrigerant na may potensyal na makaambag sa ng global warming, at pagpili ng low-carbon na materyales, kagawian, at disenyo sa konstruksyon. Plano naming mag-ambag sa mga pagsisikap na ito sa pamamagitan ng pagpili ng mahuhusay na opsyon sa pamamahala ng kalupaan para makapag-sequester ng carbon.

Dahil maraming kinakailangang serbisyong nakukuha ang mga residente sa mga pasilidad ng County, magsasagawa kami ng mga hakbang para gawing matatag ang aming binuong kapaligiran laban sa mga panganib na dulot ng klima, halimbawa, sa pamamagitan ng paglalagay ng imbakan ng baterya sa mga gusali para mapatakbo pa rin ang mga ito kapag nawalan ng kuryente.

### MGA HAKBANG SA BINUONG KAPALIGIRAN

**Pamamahala ng Programa**

- BE 1: Paggawa ng Patakaran at Pamamahala ng Programa

**Bawasan ang Mga Emisyon**

- BE 2 I-decarbonize ang Pagpapatayo ng Bagong Imprastruktura
- BE 3: I-decarbonize ang Kasalukuyang Portfolio
- BE 4: Low-Carbon na Pagpapatakbo
- BE 5: Green Lease

**Bawasan at Alisin ang Carbon**

- BE 6: Pahusayin ang Pagpaplano ng Site at Espasyo para maging Episyente sa Carbon
- BE 7: Paikliin ang Life Cycle ng Mga Emisyong Carbon mula sa Pagpapatayo at Materyales ng Konstruksyon
- BE 8: Pag-sequestrate ng Carbon

**Ihanda ang Portfolio**

- BE 9: Katatagan Laban sa Klima para sa Portfolio ng Pagpapatayo at Imprastraktura
- BE 10: Pamahalaan ang Kalupaan para sa Katatagan Laban sa Klima
- BE 11: Pagtitipiad ng Tubig at Kahandaan sa Tagtuyot

## Katatagan ng Komunidad (CR)



Isang mahalagang bahagi ng misyon ng County ang pagbibigay ng mga serbisyo sa aming mga komunidad, kabilang ang mga serbisyo sa lipunan, kalusugan, kaligtasan ng publiko, at imprastruktura. Para patuloy na makapagbigay ng mga kinakailangang serbisyo, ihahanda namin ang mga sistema ng pamamahala sa emergency at programang panlipunan at pangkalusugan para matiyak na makakapagpatuloy ang mga ito sakaling magkaroon ng biglaang pangyayaring dulot ng klima.

Isa sa mga kinakailangang serbisyo ang pagtulong sa aming mga komunidad na maging mas matatag laban sa mga epekto ng pagbabago ng klima gaya ng mga wildfire, pagtaas ng tubig dagat, at mga pagbabago sa pattern ng presipitasyon. Susuportahan namin ang aming mga komunidad sa pamamagitan ng paggawa ng mga naa-access na mapagkukunan at pasilidad para sa katatagan, at pagsuporta sa kalusugan ng pag-iisip ng aming mga residente. Tutulungan namin ang aming mga komunidad na maghanda sa pamamagitan ng pagbabahagi impormasyon tungkol sa mga emergency kaugnay ng klima at mga paraan kung paano nila mapoprotektahan ang kanilang mga sarili na naaangkop sa lokalidad. Magtutuon ang pagpaparating ng suporta sa pagtulong sa aming mga residenteng pinakamatinding naaapektuhan ng pagbabago ng klima at mga komunidad na dati na at kasalukuyan pang hindi gaanong natutulungan.

### MGA HAKBANG SA KATATAGAN NG KOMUNIDAD

**Kahandaan ng Sistema ng County**

- CR 1: Matatag na Pamamahala sa Emergency
- CR 2: Pagpaparating ng Suporta at Pakikipag-ugnayan
- CR 3: Matatatag na Serbisyong Pangkalusugan at Panlipunan

**Kahandaan ng Komunidad**

- CR 4: Mga Madudulugan para sa Katatagan
- CR 5: Katatagang Nakabatay sa Lugar
- CR 6: Kalusugan at Katatagan ng Isip

**Pakikipagtulungan sa Labas ng County**

- CR 7: Katatagan ng Rehiyon
- CR 8: Pantay-pantay na Pakikilahok sa Komunidad

**Kahandaan sa Partikular na Epekto**

- CR 9: Bawasan ang Panganib ng Sunog
- CR 10: Pagkontrol sa Pagbaha

## Makakalikasang Ekonomiya at Pag-unlad (GEP)



Bilang pamahalaan ng County, gusto naming tiyaking makikinabang ang aming mga komunidad at lokal na negosyo sa mga benepisyo ng unti-unting paglipat sa makakalikasang ekonomiyang low-carbon at ingklusibo sa lipunan. Nagagawa ng mga tao na maging matatag laban sa mga epekto ng pagbabago ng klima kapag may trabaho, tirahan, at mga mapagkukunan sila para protektahan ang kanilang mga sarili. Sa seksyong ito ng plano, may iba't ibang istratehiyang sabay-sabay na tumutugon sa ecology, ekonomiya, at pagkakapantay-pantay.

Tutulungan namin ang mga kasalukuyan at susunod pang vendor at service provider ng County na magpatakbo sa mas napapanatiling paraan, at tutulungan naming maging mas handa at manatiling ligtas laban sa mga epekto ng klima ang mga kliyente nila. Susuportahan namin ang mga departamento at vendor ng County sa pangongolekta at pagbabawas ng nasasayang na pagkain at pagkuha ng mga low-carbon na opsyon sa pagkain. Susuportahan din namin ang mga magsasaka at lokal na ekonomiya ng napapanatiling pagkain ng County sa pamamagitan ng mga programa sa paggamit ng lupa at programang nakabase sa kapitbahayan, at gagamit kami ng mga prinsipyo ng circular na ekonomiya sa buong County at rehiyon.

Para matiyak na makikinabang ang mga residente sa makakalikasang ekonomiya, plano naming palawigin ang pakikipagtulungan namin sa mga lokal na programa ng pagpapaunlad ng manggagawa para sumuporta ng may dibersidad, bihasa, at handang grupo ng mangagawa.

### MGA HAKBANG SA MAKAKALIKASANG EKONOMIYA AT PAG-UNLAD

**Pagkuha ng Mga Pangangailangan**

GEP 1: Pagpapanatili at Katatagan ng Vendor

GEP 2: Pakikipagkontrata sa Maliliit na Nonprofit

**Mga Manggagawa**

GEP 3: Pag-hire para sa Malalaking Proyektong Pangkapital na Nauugnay sa Klima

GEP 4: Pagsusulong ng Makakalikasang Trabaho

GEP 5: Pagpaparami ng Mga Manggagawa para sa Klima ng Alameda County

**Pamamahala sa Materyales**

GEP 6: Paggawa ng Circular na Ekonomiya sa Rehiyon


GEP 7: Pagpapalawig ng Pagkuha ng Makakain

GEP 8: Pagkuha ng Mas Masustyansyang Low-Carbon na Pagkain

GEP 9: Paggamit ng Cicrular na Ekonomiya ng Pagkain

## Napapanatiling Pamamahala ng Materyales (SMM)

Gagamit kami ng mga inisyatiba sa upstream na pagbabawas ng basura sa aming mga pagpapatakbo at iiwas kami sa mga kagawiang linear at nakaasa sa pagtatapon para mabawasan ang mga emisyon mula sa pagkuha, paggawa, pagmamanupaktura, pagbibiyahe, at pagpapamahagi ng mga bagong produkto. Kabilang sa mga pagtutuunang salik ang pagbibigay ng teknikal na tulong at pagpaparating ng suporta sa pamamagitan ng mga programa at proyekto sa pagbabawas ng basurang nagagawa ng County. Bahagi nito ang pagtuturo sa mga tauhan, stakeholder, at miyembro ng komunidad para mas maraming tao ang makilahok sa mga programa sa pagbabawas ng basura. Isa pang pagtutuunan ang pagsuporta sa circular na ekonomiya, para mapanatiling nagagamit ang mga produkto at materyal hangga't maaari, sa pamamagitan ng pagpapalawig ng mga internal na pagsisikap sa muling paggamit at pagkukumpuni, paghahanap ng mga alternatibo sa pagbili ng bago, pagpapatupad ng patakarang sumusuporta sa mga pagsisikap na ito, at pagbuo ng mga istratehiya para sa pagdaraos ng mga kaganapan at pagpupulong.



*Litrato ng Aklatan ng Pagpapahiram ng Kagamitan ni David Wakely, sa pamamagitan ng Aklatan ng Berkeley Public*

Pagdating sa pagkuha ng mga pangangailangan, papaigtingin namin ang mga patakaran sa pagbili para mabawasan ang epekto sa kapaligiran ng mga isinasapriyoridad na produkto ng County, gaya ng teknolohiya at muwebles, at gagamitin namin ang kakayahan naming bumili para paunlarin ang merkado ng napapanatiling disenyo at pagmamanupaktura. Panghuli, isusulong namin ang mga prinsipyo ng circular na ekonomiya sa binuong kapaligiran sa pamamagitan ng muling paggamit ng materyales para sa konstruksyon at matitibay na gamit mula sa mga pinaguhong gusali para sa mga bagong gusali at pagkukumpuni.

### MGA HAKBANG SA NAPAPANATILING PAMAMAHALA NG MATERYALES

**Teknikal na Tulong at Pagpaparating ng Suporta**

- SMM 1: Pagpapatupad ng Programa sa Pagpapatakbo
- SMM 2: Istratehiya sa Edukasyon at Pagpaparating ng Suporta

**Sirkularna Ekonomiya**

- SMM 3: Patakaran sa Hierarchy ng Muling Paggamit
- SMM 4: Pagpapatupad ng Muling Paggamit at Pagkukumpuni
- SMM 5: Mga Zero-Waste na Kaganapan

**Pagkuha ng Mga Pangangailangan**

- SMM 6: Pagpapaigting ng Patakaran sa Pagbili
- SMM 7: Konstruksyon at Pagpapaguho

## Transportasyon (T)

Malaki ang naiaambag ng pag-commute at pagbiyahe para sa trabaho ng mga emplayado sa mga emisyon mula sa aming mga pagpapatakbo. Saklaw ang suporta para sa pagtatrabaho mula sa malayo sa salik ng aksyon na Pamumuno at Pamamahala sa Klima. Nakabalangkas sa salik ng aksyon na ito ang napapanatiling transportasyon para makabiyahe papunta at para sa trabaho ang mga empleyado. Kailangan nating gawing makakalikasan ang mga sasakyan ng County. Plano naming gawin ito sa pamamagitan ng paggawang electric ng mga sasakyan alinsunod sa mandato ng estado na wala nang emisyong dapat magmula sa mga sasakyan pagsapit ng 2035 at pagpapahusay sa paggamit ng sasakyan. Kabilang dito ang pagkaepisyente ng mga sasakyan ng Departamento ng Public Works, na kadalasang mabibigat at gumagamit ng diesel. Kailangan din naming suportahan ang pag-commute na walang emisyon. Nagrerekomenda ang seksyong ito ng mga diskarte sa pagbibigay ng insentibo at suporta sa pagbibiyahe ng mga empleyado sa mga mas episyenteng paraan maliban sa pagmamaneho lang, halimbawa, ang pagpapalawig ng mga serbisyo sa shuttle at pagbibisikleta.



### MGA HAKBANG SA TRANSPORTASYON

**Makakalikasang Mga Sasakyan**

- T 1: Pagpapalit ng Mga Sasakyan
- T 2: Pamamahala sa Mga Sasakyan
- T 3: Mga Napapanatiling Kagawian sa Mga Sasakyan
- T 4: Mga Sasakyan ng Ahensiya ng Public Works

**Pag-commute ng Mga Empleyado**

- T 5: Mga Insentibo sa Pag-commute Nang Walang Emisyon
- T 6: Mga Patakaran sa Mahusay na Pagpaparada
- T 7: Mga Serbisyo sa Shuttle at Pagbibisikleta
- T 8: Micromobility
- T 9: Programa sa Transit Pass

## Pamumuno at Pamamahala sa Klima (CLG)



Maisakatuparan ang isang plano, kailangan ng mga taong mamumuno at epektibong batayang patakaran. May apat na kategorya ang salik ng aksyon na Pamumuno at Pamamahala sa Klima: adbokasiya at pagpaparating ng suporta para maisulong ang aksyon sa klima, framework ng pagpapatakbo para sa pagpapatupad ng plano, suporta para sa kahandaan ng mga empleyado, at mga istratehiya sa pananalapi. Kaugnay ng mga aksyong adbokasiya at pagpaparating ng suporta, may mga planong magtaguyod ng suporta ng estado at pederal na pamahalaan at magbahagi ng mga matututunan namin sa aming komunidad at iba pang pamahalaan sa aming rehiyon. Mahalagang magkaroon ng inernal na istruktura ng pananagutan para matiyak na maisasagawa ang mga aksyon, mga target, at mga sukatan para masukat kung nakamit ang mga target na iyon. Magsasagawa kami ng mga aksyon sa pamumuno bilang hakbang sa pagkamit ng carbon neutrality, mula sa pagbabawas sa pangangailangang mag-commute ang mga empleyado sa pamamagitan ng telework hanggang sa pagsasaisip ng aming mga layunin sa klima sa pagtatakda ng mga badyet, paggawa ng mga plano, at pagtatakda ng mithiin. Kakailanganin din ng mga ahensya ng mga teknikal na madudulugan, mula sa mga fundraiser o pagsasanay sa fundraising hanggang sa mga on-call na consultant at tauhan, para magtagumpay ito.

Para pinakamahusay na mapaglingkuran ang komunidad, kailangang maging ligtas ang aming mga empleyado laban sa mga biglaang pangyayaring dulot ng klima at mayroon silang mga madudulugan para masuportahan ang kalusugan ng pag-iisip nila. Para tuloy-tuloy na makaaksyon nang may sapat na pondo, dapat naming tiyaking sumusuporta ang mga pinansyal na pamumuhunan namin sa mga aksyong nakakabuti sa klima at makaisip kami ng mga malikhaing diskarte para mapondohan ang aming mga aksyon sa klima at masuportahan ang katatagan.

### MGA HAKBANG SA PAMUMUNO AT PAMAMAHALA SA KLIMA

**Adbokasiya at Pagpaparating ng Suporta**

CLG 1: Lehislatibong Adbokasiya

CLG 2: Pagbabahagi sa Labas ng County

CLG 3: Pagpaparating ng Suporta sa Publiko

**Pagpapatupad ng Plano**

CLG 4: Mga Mithiin at Istratehikong Plano

CLG 5: Mga Istruktura ng Pagpapatupad

CLG 6: Mga Mapagkukunan para sa Pagpapatupad

CLG 7: Mga Target

**Kahandaan ng Mga Empleyado**

CLG 8: Pagsuporta sa Pagtatrabaho Mula sa Malayo

CLG 9: Kaligtasan ng Mga Empleyado

CLG 10: Paghahanda sa Mga Empleyado para sa Pagtugon sa Klima

**Istratehiya sa Pananalapi**

CLG 11: Mga Pamumuhunan

CLG 12: Mga Diskarte sa Pagpopondo

## Paano Namin Ipapatupad at Susuriin ang Plano

Idinisenyo ang planong ito para magsilbi bilang naisasaayos na mapa, hindi bilang checklist. Bagama't nakalista ang mga pangunahing magpapatupad na ahensya para sa bawat napapailalim na hakbang o aksyon, inaasahan naming isasapriyoridad ng mga dibisyon ng County kung aling mga aksyon ang gagawin nila batay sa mga kalagayan, pangangailangan, pondo, at saklaw nila. Inaasahan din naming hindi lahat ng aksyon sa planong ito ay uusad. Puwedeng gumawa ang mga ahensya ng iba o karagdagang aksyon para makamit ang mga layunin ng hakbang at pangkalahatang target.

Itatakda at susubaybayan ng mga team ng proyekto at aksyon sa lugar ang mga sukatan para maunawaan kung paano makakamit ang mga layunin ng hakbang at kung nakakamit nga ang mga ito. Ipinapangako namin ang pananagutan at pagiging tapat, at magbibigay kami ng mga taunang update sa Lupon ng Mga Supervisor at sa publiko.

## Pagwawakas

Kumakatawan itong Plano ng Aksyon sa Klima para sa Mga Serbisyo at Pagpapatakbo ng Pamahalaan sa pinalawak na kahulugan ng aksyon sa klima, kung saan kasama ang napapanatiling pag-unlad sa aming komunidad, pundasyong layuning pagsusulong ng pagkakapantay-pantay, at mga aktibidad sa pagiging handa at pagtugon para maprotektahan ang aming mga residente laban sa mga panganib na dulot ng pagbabago ng klima. Dahil mas maikli ang takdang panahon ng planong ito, magagawa ng County na maging maagap at ibahin ang mga isasapriyoridad naming aksyon, habang pinapanatili ang matatayog na layunin at ang matatag na pag-unawa sa aksyon sa klima.

Daan-daang miyembro ng tauhan ng County at libo-libong miyembro ng komunidad ang nag-ambag ng mga ideya, layunin, at masusing pagsusuri sa planong ito. Kapag pinagsama-sama ang planong ito at ang iba pang plano sa rehiyon, mapapanatiling ligtas ang ating komunidad at makakaambag tayo sa mga pambansa at pandaigdigang layunin sa pagbabawas ng carbon para mapabagal ang paglala ng nagbabago nating klima. Nasasabik kaming isakatuparan ang planong ito, sa tulong ninyong lahat.